

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipapamumudmod ng Brampton Transit ang 100,000 masks sa mga rider bilang tugon sa COVID-19

BRAMPTON, ON (Hunyo 11, 2020) – Noong Hunyo 10, inanunsyo ni Mayor Patrick Brown, sa ngalan ng Konseho, na ang Brampton Transit ay magpapamudmod ng 100,000 hindi medikal na mga mask sa mga rider nito para sa libreng pagsisimula sa linggo ng Hunyo 22, hanggang mayroon pang mga suplay, bilang unang hakbang ng Lungsod ng Brampton sa plano ng muling pagbubukas at pagbangon.

Ang mga hindi medikal na mask ay ipapamudmod sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ng Brampton Transit.

Iaanunsyo ang karagdagang mga detalye sa darating na mga linggo.

Kasunod ng matinding rekomendasyon ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario na magsuot ng mask sa mga pampublikong sasakyan, hinihikayat ang mga rider ng Brampton Transit ng hindi medikal na mga mask sa mga bus at sa mga terminal. Simula Hulyo 2, magiging mandatoryo para sa mga rider at operator ng Brampton Transit na na magsuot ng mga hindi medical na mask, kapag ibabalik ang pagbabayad sa pamasaha at pagsakay sa harap na pintuan.

Kahit na magiging mandatoryo ang mask, ang mga batang wala pang dalawang taong gulang, o mga batang may kapansanan o ibang mga medikal na kondisyon na pumipigil sa kanila sa pagsusuot ng mask ay hindi kakailanganing magsuot nito.

Para sa karagdagang impormasyon kaugnay ng mga hindi medikal na mask, kabilang ang kung paano wastong isuot, ikasya, tanggalin, at linisin ang iyong hindi medikal na mask, bumisita sa [website](#) ng Peel Public Health at sa [website](#) ng Pamahalaan ng Ontario.

Mga pamamaraang pangkaligtasan sa COVID-19

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na magpatuloy sa paglayo mula sa iba sa mga terminal at sa mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask. Pinaalalahanin din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, kapag nagbibiyaha, maghugas nang madalas ng kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko.

Nakikipagtulungan nang mabuti ang Lungsod ng Brampton sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib sa panahon ng COVID-19. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Mga Quote

“Ipinagmamalaki ko na magpapamudmod tayo ng 100,000 hindi medikal na mga mask sa mga rider sa mga terminal ng Brampton Transit. Kung ikaw ay isang rider ng Brampton Transit, hinihikayat kita na kumuha at magsuot ng hindi medikal na mask sa mga bus at sa mga terminal para alagaan ang iyong sarili at ang iba, at sundin ang mga patnubay ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario sa kung paano wastong isuot, ikasya, tanggalin, at linisin ang iyong hindi medikal na mask para sa kalusugan at kaligtasan ng lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang kalusugan at kaligtasan ay ang unang prayoridad para sa Konseho ng ating Lungsod, lalo na pagdating sa pagpapanatiling ligtas ng ating mga residente sa panahon ng COVID-19. Mas pinapadali natin para sa mga rider na makakuha ng hindi medikal na mask habang sumasakay sa Brampton Transit – kasindali ito ng pagsasagawa ng iyong araw-araw na pagsakay, habang may suplay pa.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Habang muling nagbubukas at bumangon ang Lungsod ng Brampton mula sa COVID-19, dedicated tayo sa pagbibigay ng nakakalusog at ligtas na serbisyo sa transportasyon para sa ating komunidad. Sa patnubay mula sa Peel Public Health at Pamahalaan ng Ontario, ginagawa natin ang lahat ng pangkaligtasang mga pamamaraan para mapasakamay ng mga rider ang mga mask na ito sa isang nakalulusog at ligtas na paraan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/bramptontransit), [Facebook](https://www.facebook.com/bramptontransit), at [Instagram](https://www.instagram.com/bramptontransit). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca